

1

Ang dalawampu't tatlong taong gulang na si Heidi ay inakyat ang pinakatuktok na duluhan ng naka-elevate na semento ng rooftop na iyon. Matatagpuan ang rooftop sa palapag ng building kung saan makikita ang isa sa mga opisina ng piano shop nila. Unica hija siya ng pamilya Foster, tanyag na nagmamay-ari ng piano and musical instruments shop sa Pilipinas.

Mula sa ibaba, nakikita niya ang animo'y galanggam na mga tao at mga parang laruan na lamang na mga truck at kotse. Isinasayaw ng hangin ang mga hibla ng buhok niya. Dilat-mata niyang ipinosisyon ang sarili sa harap ng isang napakalaking billboard.

Billboard ni Eustace del Santiago.

Twenty-five at lead vocalist ng bandang *Blue* na sumilab na parang apoy sa music scene may limang taon na ang nagdaan. Hindi lang ang baritono at soulful na boses nito ang umakit ng ilang kababaihan at paghanga mula sa mga kalalakihan, but Eustace possessed this

charisma and aura, he had this personality that could draw in everyone. At idagdag pa, may image profile itong maihalintulad sa isang male matinee idol. Then with a bang of his one viral hit song, the generation's 'It-guy' in the industry was born.

Itinaas ni Heidi and kamay, hawak ng mga daliri niya ang isang kapisang papel na nakatuping eroplano. Paperplane.

Alam niyang malakas ang ihip ng hangin, pero hindi niya marinig ang huni o hampas niyon, kaya hindi siya natatakot. Hindi din niya marinig ang pagbusina ng mga kotse sa ibaba, o ang masakit sa tenga na pagwe-welding sa katabing building ng building nila. Everything for her was still and quiet, maliban na lamang sa tibok ng puso niya.

She drew a very deep breath.

Itinaas niya ang isang balikat, sinigurong bibigyan ng diin at lakas ang paghagis ng paperplane sa kamay niya.

Kamusta ka na, Eustace? Bakit? Bakit hindi ka dumating sa araw na 'yun? Bakit ginamit mo ang kanta at mga lyrics, pero bakit hindi ka pumunta? Why did you ask for her 'yes' one year ago in that concert?

Sa gitna ng napakalaking billboard na iyon,

nakaharap sa kanya ang nakangiting mukha ni Eustace, ineendorso nito ang isang silver and jewelry line at nasa dibdib nito ang kamay na nakapatong sa deep blue shirt. Nasa isang daliri ng kamay nito ang isang engagement ring. It was the billboard which stood today, na nakita niya mula sa window ng shop nila. The billboard sealed that the vocalist's heart was already taken.

A seal which gave a numb pain in her heart...

Kasabay ng pagtulo ng luha ni Heidi ay ang paghagis niya nang buong lakas sa paperplane. Dinala iyon ng hangin, patungo sa isang mukha, kasabay ng tibok ng puso niya. Isang eroplano na nagdadala ng huling himig at damdamin mula sa kanya patungo sa isang tao.

Pinanood nang maigi ng mga mata niya ang halos pagtama na sana ng paperplane na iyon sa billboard, pero sa gitna pa lamang ng himpapawid ay sumuko na ang maliit na eroplanong papel, para bang sinumpungan ng kung anong hangin o puwersa. Dumaos ang papel paibaba, paibaba nang paibaba hanggang humalo na ito sa naghalong kulay at gulo sa ibaba...

Hindi lumaon ay naglabas siya ng kakaibang



iyak, isang iyak na nanggagaling lang sa kanya.

Siguro ay hanggang d'un na lang talaga.

Sadyang kung ayaw ng tao sa iyo, at mukhang ayaw rin ng tadhana na kayo, ay baka hindi nga kayo. Magmumukha lang siyang tanga sa huli.

Sa huli, ano ba talaga'ng magagawa ng papel na eroplano sa pag-ibig niya? She closed her eyes at humiling siya ng isa pang huling dasal.



Tatama na sana sa gitna ng windshield ng isang pulang sasakyan na may lulan na isang matandang babae ang papel na eroplano nang bigla itong ihipin pa ng mas maliit na hangin kaya tumama sa windshield ng itim na van. Itim na van na lulan si Eustace.

Napatigil saglit ang van, isang renda na lang ng manibela ay mailulugar na iyon papasok sa parking lot ng isang mataas na building.

“A-ano 'yun?” maang na tanong ni Eustace sa driver na napansin rin ang biglaang pagharang ng kung ano sa windshield. Bumagsak ang isang papel, na may kataka-takang korte. “Paperplane?” mahinang singhap niya na itinago ang gulat.

“Naku, sir, ewan nga at bigla na lamang bumagsak. Baka nakatuwaan lang ng kung sino

ang magpalipad ng papel na eroplano. Sorry po, ipapasok ko na po ang van sa parking lot.”

“W-wait!” Mabilis niyang nakabig ang balikat ng driver niya. Napalinga-linga siya, sinigurong walang sumusunod na kotse sa linya.

“Ho?” gulat na sabi ng cuarenta años na lalaki. “Sir Eu?” anitong ginamit ang palayaw niya sa tahanan nilang mga del Santiago. Nakita rin yata nito ang pagbiglang seryoso ng mukha niya.

“Manong Rex, kung hindi n’yo po masasamain, could you get me the paper? P-pwede ho ba?” A sudden emotion started to kick inside him. Hindi niya maintindihan, pero kinabahan siya...

Madaliang tumalima ang matanda at isang segundo pa ay naabot na nito sa kanya ang isang bagay na pamilyar na pamilyar sa kanya. Isang paperplane. Mas lumiit ang bola sa mga mata niya hanggang sa tuluyang maihimpil ng driver ang van.

“Sir, okay lang ho ba kayo?” lingon ulit ni Manong Rex sa kanya nang mapansing wala siyang imik at hindi pa siya gumagalaw. “Hindi pa po ba tayo lalabas?”

Naalala ni Eustace ang dahilan ng pagpunta niya sa building. Isa lang naman ang pakay niya;

ang bilhin ang magiging grand piano nila sa pinapasimulan na niyang pagpapatayo ng bahay para sa magiging kasal nila ng kasalukuyang fiancée niyang si Lena. They could have a long engagement, but they already promised each other na pakakasalan na nila ang isa't isa.

Inayawan man ng manager niya ang desisyon at maging ng kanyang mga magulang dahil medyo bata pa nga siya at nasa rurok ng kasikatan ay alam naman niyang wala nang bawian. Nakita na ni Eustace ang babaeng para sa kanya... Ang dahilan kung bakit siya kumakanta at kung bakit nabuo niya ang kantang naging dahilan kaya siya ay naririto sa kinalalagyan niya ngayon, isang sikat na lead vocalist. Ayaw na niya itong pakawalan pa, at ibibigay niya lahat dito kung anuman ang makapagpapasaya dito.

Itinupi niya muna ang papel na iyon na nakakorte pang eroplano, at isinuksok sa kanyang bulsa.



Ang guwardyang nakabantay sa bungad ay mabilis na pinagbuksan sila ng glass door ng shop na iyon. Gulat na gulat rin ang babaeng sumalubong sa kanila na mukhang attendant sa shop. He could have called and scheduled a visit

kaya ang mga Foster mismo ang um-assist sa kanya sa pagtingin niya ngayon ng piano, pero hindi niya pinili. Sa pagkakaalam niya ay matalik na pinsan at kababata ni Lena ang unica hija ng mga Foster. He met Lena's cousin several times before...

But he didn't, he wanted it all to be a surprise.

"Mr. Eustace?" anang babaeng nasa gilid niya na kintal na kintal na mukhang na-starstruck. "Ano ho'ng maipaglilingkod namin?"

"Uh," he smiled, "I want to look around. Piano stuff maybe?"

Napatango ang kausap. Mukhang magtatanong pa sana ito pero napangiti na lang. "We have Miss Heidi Foster around, she just went out a bit. Kung gusto n'yo ay p'wede n'yo siyang hintayin sa lounge office niya. We can serve drinks that you may like, kung hindi kayo nagmamadali. I believe that she will be very pleased to help you, Sir."

"T-talaga?" Medyo nagulat siya. Ang paalam sa kanya ni Lena ay makikipagkita daw ito kay Heidi. Ito mismo ang shop na dinayo niya dahil alam niyang wala ngayon ang pinsan ni Lena kung saka-sakali. He touched the pocket of his slacks and remembered the paperplane. "No,



Miss. I'll just take a quick look..."

A sudden idea came up to him. Siguro ay puwede naman niyang isama sa plano niya ang pinsan ni Lena. Tama! He'll just ask to make this transaction a secret. *Don't all girls want to keep a secret?*

Napalingon ulit si Eustace sa babae. "Okay, wait. Maybe I'll just wait for Miss Heidi Foster," ngiti niya sa nakatungangang assistant.



"Ma'am! Ma'am!" Alam niyang tumitili na halos ang assistant niyang si Fannie dahil sa facial reaction at buka ng bibig nito. Petite ang dalaga at mukhang nakalalak ng *Enervon* lagi, kasing-edad lang din niya ito. Makailang ulit nitong itinuro ang opisina niya na may ilang hakbang pa. Napakunot-noo siya at mas idiniin ang konsentrasyon sa pagbasa ng galaw ng bibig ng kaharap. Biglang nanlaki ang mga mata niya sa nabasa.

"Nasa opisina mo si Eustace, 'yung singer, Ma'am Heidi! Naku, ang guwapo!"

Bago pa man siya maka-react ay naramdaman niya ang pag-vibrate ng kung ano sa floral mini-sling pouch na nasa dibdib niya na bumagay naman sa pink cream na bestidang suot niya. Cellphone niya.

“B-bakit mo pinapasok, Fannie?!” Biglang nasira ang mukha niya habang humihingal pa siya. Nag-click sa memorya niya ang natitirang mga natuping papel na eroplano na pumuno sa metal waste basket niya. Hindi na niya maalala kung saan niya huling naiposisyon ang trash bin na iyon, kung nasa ibaba ba ng mahogany table niya o baka naman sa mismong gilid ng pinto o nasa gilid ng couch kung saan kitang-kita ng mausyosong umuupo sa lounge.

Kinuha niya ang cellphone mula sa mini-sling pouch at binasa ang text message na dumating. Simula nang maglabin-tatlong taong gulang noon si Heidi ay wala nang tumatawag sa kanya sa telepono o nang lumaon ay wala siyang natatanggap na cellphone calls.

Binasa niya ang mensahe mula kay Lena: *Heidi, usap tayo. Pupunta ako ngayon sa shop. Important please.*

Napatitig siya ulit kay Fanny na nagugulumihan sa paiba-iba niyang reaksiyon sa loob ng iilang segundo.

“Ma’am Heidi?” tanong nito.

“Oh, my God!” mahina lang niyang usal nang makita sa gilid ng mata niya ang paglabas ng isang bulto mula sa nakaawang na pinto ng opisina. Malawak ang shop nilang iyon, may



anim na nakasalansang grand pianos at apat na baby piano na may iba't ibang istilo at kulay, sa isang puting haligi ay nakasabit ang iilang gitara, flute at violin instruments. Nasa kanan ang cashier area at nasa pinakadulo ang steel gate kung saan ang exit patungong parking lot ng building na iyon, kung saan nakahimpil ang kanilang delivery truck.

Nanggaling pa si Heidi mula sa pinakatuktok ng building kanina at namamawis siya at nahihilo. Hindi naman kasi siya sanay sa pag-akyat-panaog lagi sa elevator ng gusali dahil nasa ground floor ang shop nila.

Lumapit nang lumapit ang bulto patungo sa kanya at mas naramdaman niya ang pagragasa ng hilo niya. Eustace stopped in front of her with something in his hand. Nagtagpo ang mga mata nila ng lalaki... The world kinda stopped and it really stopped, literally stopped. *Unbelievable.*

“Paperplane...” anito, at alam niya mula sa mga mata nito ang paghahalo ng iba't ibang emosyon at lumamang doon ang pagtatanong na ukol para sa kanya. Marahan lang ang pagkakasambit niyon at alam niyang mahina.

Akmang ibubuka ni Heidi ang kanyang bibig nang maramdaman niya ang mainit na mga

balikat na biglang yumapos sa kanya mula sa likuran.

Napalingon siya at sumalubong sa kanya ang napakagandang mukha ng best friend niya. Lena had this flawless tan and lively complexion, maitim ang mahaba nitong buhok, the liveliness and beauty was simmering in her every cell; nagmumukha siyang boring na puting papel na walang kulay pag katabi ito. Heidi was white due to her half-foreign ancestry, pero iyong kaputian na parang bland white na nagmumukha siyang anemic, she always kept her hair short or shoulder-length only dahil medyo wavy ang tresses niya at brownish ang kulay. But her beauty was fortunately blessed with a very Filipina touch, dahil maganda ang kapal ng mga kilay niya at black rin ang kulay ng bola sa mga mata niya.

Itinuro ng kanyang pinsan ang sarili at idiniin ang kamay sa hawak niyang cellphone na naroon pa't nakaposisyon sa dibdib niya.

In a quick shift of glances, biglang nakita rin niya ang pagtatagpo ng mga mata nina Eustace at Lena, parang ping-pong ball lamang ang mga lingunan nila sa isa't isa. It was endless hanggang...

“Oh God, honey! Y-you're here?” ani Lena

at napadapo ang titig sa hawak ng lalaki. Bigla itong lumipat ng puwesto sa gilid ng fiancé nito. “Heidi, that’s why you wouldn’t reply, right? May sikretong meet-up pala kayo nitong mahal ko. Wait, have I ever introduced you to each other officially since the engagement?”

Nakita ni Heidi ang ginawang biglaang pagtago ng lalaki sa hawak nito sa likuran nito. She felt her mind scream at kulang na lang ay pigilan ng sarili niyang kamay ang kamay ni Eustace. *No! No! No! Eustace, saan mo nakita ’yan? Nakita mo ba ang waste basket? Saan mo napulot? Ano’ng itatanong mo sana sa ’kin?*

Umiling siya bilang sagot sa kaninang tanong ni Lena. Gayundin si Eustace. “B-but I think we’ve met, kami ni Heidi, a few times, Lena. But we never really talked or no one tried. Matagal na rin iyon, back in high school and a few years ago.”

Naintindihan naman niya ang sinabi ng lalaki, kimi lamang siyang napatango. “Hindi lang talaga ako mahilig makipag-usap sa mga tao,” sagot niya at saglit na itinuro ang tenga niya.

She was waiting for a reaction pero kunot-noo lang ang isinagot sa kanya ng kaharap. Mukhang clueless ito. *Hindi ba nito alam? Hindi*

ba sinabi ni Lena? Hindi ba ako naikuwento ni Lena dito?

“That’s okay, as long as you listen to them. At siyempre, basta’t nakikinig ka sa musika ko,” Eustace smirked, trying to be casual at siguro ay friendly ang dating na inilahad sa kanya ang kamay nito.

Hindi tinanggap ni Heidi ang pakikipagkamay nito.

God, he really didn’t know...

“Oh, my bad!” ani Lena na sinapo ang noo nito. “Eustace, you have to know that, that Heidi has this delicate condition...” Her voice trailed.

“I can’t hear,” kaswal lang at marahang sagot niya. “I’m deaf.” Mas nilinaw pa niya ang paliwanag.

Nakita niya ang biglaang pagkasira ng mukha ni Eustace.

2

7 lang taon na ang nakakaraan...

“Oh, Eu, huwag malikot!” tawag ng mama niya nang halos galawin na at kalabitin ng walong taong gulang na batang lalaki ang strings ng halos lahat ng naka-display na toy guitar sa tindahan ng mga laruan na nasa loob ng isang mall. Kaarawan niya ngayon at binitbit nga siya ng mama niya roon. Manager ang papa niya sa shop. Tito niya na kapatid ng kanyang ina ang nagmamay-ari ng branch ng toy store na iyon.

Sa katunayan, may nakasabit na strap ng isang black toy guitar sa balikat niya. May maliit na knapsack din ang nakasukbit sa kanyang likod.

“Mama, I want everything! Gusto ko lahat! Pati ’yun!” Mabilis na tumakbo ang bata patungo sa mini-set ng drums na naka-set-up malapit sa glass window ng shop. Bago pa man mapigilan ng mama niya ay pumuwesto na ang makulit at may angking natural na curiosity

sa musika na si Eustace sa likod ng drum set, kinuha niya ang chopsticks na nakaluklok sa isang estante. Pero bago pa man niya mapalo ang dalawang bilog ng drums ay naitigil na sa hangin nang may mahagip na isang komosyon ang gilid ng mata niya.

Naroon at nakaharap sa glass window ang isang batang babaeng nakabalot sa isang pulang damit, pulang bonnet at pulang ear muffers at hand gloves. Para itong assistant ni Santa Claus. At ang kaarawan ni Eustace ay may dalawang araw bago mag-Pasko. Pero umaatungal ang assistant ni Santa Claus, ang laki-laki ng bunganga nito habang klarong-klaro ang sipon na tumutulo mula sa ilong.

Nasa gilid lang talaga ito ng glass window, nakahawak ang mga palad sa window at umaatungal.

“M-Mama...” tawag ng batang lalaki, itinuro ang chopsticks sa nakikita, “Mama, may assistant ni Santa Claus na umiiyak sa labas.”

“Hay naku, anak, umaandar na naman iyang kakulitan mo.” Napakamot ang ulo ng mama niya at tumalikod na, hindi man lang sinulyapan ang itinuturo niya. “Bumaba ka na diyan, tara na at magbabayad pa tayo sa counter.”

“Mama!” maktol na tawag ni Eustace

at napababa, iti-nap niya sa glass panel ang chopsticks kaya tuluyang mapunta sa kanya ang atensyon ng batang babaeng assistant ni Santa Claus. Mukhang effective naman ang ginawa niya at napatigil nga ang paslit. Napatikom ang bibig nito. Dumilat ang mga mata nito.

Inilapit nito ang mukha sa glass panel, at bilang ganti ay inilapit rin ni Eustace ang mukha roon. Pinanood niya ang pagdilata pa at paglaki ng mga bola sa mga mata ng batang iyon na nahaharangan ng salamin. Those eyes were beautiful to look at, so black and bright at hindi pa niya napapanood ang mata ng isang batang katulad niya nang ganoon kalapit.

Biglang sumikdo nang mabilis ang puso niya... Sa gulat niya na puwedeng sumikdo pala nang ganoon kabilis ang puso ay napaatras siyang bigla. Eustace grabbed his little chest at napatulala sa bata. “H-hintay ka lang diyan, ah? T-teka...” Nagmuwestra siya gamit ang kamay.

Agad niyang kinalabit ang kanyang mama at hinila ito palabas ng toy shop kahit bitbit pa ng balik niya ang toy guitar.

“Tong batang ’to! S’an mo ba ’ko dadalhin, Eu?” Buti na lang at petite ang ina niya at nadadala ng puwersa ng liit niya at hindi na nila namalayang napalabas na nga sila ng shop.

“Mama, sandali lang... totoo, kelangan mong makita ang bata, baka kasi nawawala ’yun. Kelangan natin siyang ibalik kay Santa...”

Napatigil sila at napahingal siya. Naroon pa ang batang babae. Bago pa man niya kulitin ulit ang mama niya ay napalakad na ang huli patungo sa munting pulang bola.

“Oh, napa’no ka, little darling?” Napaluhod ito at pinunasan ang pisngi ng musmos. “Nawawala ka ba? Saan ang mga magulang mo?”

Unti-unting napalakad si Eustace patungo sa likuran ng mama niya at isinuri ulit sa bata. “May mga magulang siya? May mama at daddy rin siya?”

“Oo naman.” Napatawa nang saglit ang ginang habang pinupunasan ng tissue ang sipon ng batang babae. “Katulad mo rin siya. Ikaw talaga, Eustace!” Hindi lumaon ay nasulyapan nila ang sarili niyang papa na papasok na sa entrance ng toy shop, may pinuntahan lamang itong saglit. Ipinasok nila ang batang babae sa loob ng tindahan.

“Serge, pakibantayan mo muna itong dalawang bata, ha? Naku, lalo na itong si Eu! Mabuti pa’t dito muna ’tong batang ’to,” turo ng mama niya sa batang babae, “para makalimutan



niya na nawawala pala siya.”

Yumukod ulit ito at marahang kinapkapang ang mga bulsa ng bata ng kahit anumang ID na magbibigay ng kompletong pagkakakilanlan sa bata. “How old are you, honey?”

Gumalaw naman ang mga kamay ng paslit. Anim na taong gulang daw ito. “Can you give me your full name, darling? What’s your name?” malambing na malambing na turan ng ginang. His mom’s eyes were sparkling; huling nakita niyang ganoon ang mga mata nito noong nakaraang taon. Pitong taong gulang si Eustace nang umumbok nang malaki ang tiyan ng mommy niya. Tuwang-tuwa ito, ang sinabi ay magkakaroon na daw siya ng kapatid na babae, at ang pangalan daw ay Elisa. Pero nakunan din kinalaunan ang mommy niya, at parang ba’y parang nawala ang kinang na iyon sa mga mata nito. Little Eustace never saw that happiness shine, not until now.

“I... I’m H-Heidi...” cute na mahinang usal ng batang babae sa gitna ng pagpigil ng pagtulo ng sipon. The little child looked a bit foreign, maputi ito at brunette ang kulay ng iilang hibla ng buhok na tumatakas sa pulang bonnet nito. “Heidi Foster...” mabagal na tugon nito.

Pero hindi na iyon narinig ng batang si Eustace dahil nahila na ang atensyon niya sa kapirasong isang blue and silver toy guitar na nakasabit sa isang hilerang. Binutingting niya ang string at nilamon ng ingay mula roon ang boses ng batang babae na kalapit lamang niya.

Ilang segundo pa ay napatayo na ang mama ni Eustace papuntang customer desk ng mall kaya i-report ang batang si Heidi habang nakaantabay naman sa kanila ang papa niya. It was only a split second nang biglang may tumawag rin ng pansin na isang customer sa papa niya, kaya medyo naiwan sila sa sulok na iyon ng toy store.

Lumipad ang tingin ni Eustace kay Heidi nang mapagtanto niyang dalawa na lang sila. Muli niyang nilapitan at itinuon ang mga mata sa mata ng kaharap. Ganoon pala pag tinitingnan ng mga batang lalaki ang mata ng mga batang babae, para silang kinakabahan. Muli niyang sinapo ang kanyang dibdib at lumayo. Ganoon rin siguro ang pakiramdam niya kung napanganak lang sana ang kapatid niyang baby.

“Gusto mo ba ’kong makitang tumugtog?” magiliw na tanong niya sa kaharap na nakaestatwa pa rin. Umiling ito, mukhang iiyak



na naman.

“Oy, magaling ako, kita mo! ’Tsaka huwag kang iiyak kasi wala pa si Papa, may pinuntahan. Dapat dito lang tayo...” Sinimulang kaskasin ni Eustace ang toy guitar sa balikat at inikutan ang batang babae na malapit nang masira ang mukha. “*You better watch out, you better not cry! You better not pout I’m telling you why...*” masayang kaskas niya sa magiliw at may pagka-rock niyang version, “*Santa Claus is coming to town...*” malapad niyang ngiti. Inulit-ulit niya ang lyrics hanggang sa mahuli niya ang nakaw na paglitaw ng ngipin ni Heidi.

Napangiti na ito, mukhang natuwa yata sa kanya.

“Ano? Magaling ako, hindi ba?” kumpyansang pahayag ni Eustace. Pero hindi na sumagot ang paslit na babae, napatalikod na ito at napatakbo sa gawi ng glass wall kung saan siya nakaposisyon kanina. Lumitaw sa repleksyon ng mga eyeballs nila ang bulto ni Santa Claus. Dumaan ito sa labas ng aisle dala-dala ang malaking sako na puno ng mga regalo. Sinusundan ito ng ilang kumpol ng mga bata habang nakasunod dito ang dalawang dwarf assistant nito.

“Si S-Santa!” tili nito na sobrang excited.

“Oo nga, si Santa!” second the motion ni Eustace na natuwa rin.

“I’ll go there! You can sing to Santa!” anas ng bata.

“Ha?”

“I’ll go!” excited na turan ng katabi na halatang nalimutang inihabilin ito at kasalukuyang nawawala at nawalay sa mga magulang.

“Ha?!” Halos manlaki ang mga mata ni Eustace at hindi na niya nahuli ang balikat ni Heidi nang tumakbo na ito nang mabilis palabas ng toy store. Sa sobrang bilis ng pangyayari ay hindi na niya nagawang sumigaw o tawagin ang papa niya. Napahabol siya sa bata. *Siguro nga ay assistant talaga ito ni Santa Claus, hindi naman talaga ito bata.*

“Hoy! Hahanapin tayo ni Mama! Tek!” Nasa labas na sila ng toy store at dahil nakasabayan nila ng labas ang isang pamilya ay hindi na sila napansin ng guard na nakaduty. Nakisabay ang batang naka-red sa mga nagsisiksikan kaya makalapit kay Santa Claus na pumapaliko na sa upuan nito sa podium na nasa gitna ng activity area ng mall. May mga Christmas tree at snowman na nakapalibot sa area na dinekorasyon kaya magmukhang

winter wonderland ang activity area. Kasabay ng entrance ni Santa Calus sa tinaguriang North Pole nito ay inayos na ng iilang guard ang linya ng mga batang kanina pa nagkakagulo.

Nakipagsiksikan si Eustace sa kumpulan ng mga bata at hinanap ng mga mata niya ang nakatakas na little girl in red habang dinig niya ang pagsisimula ng maugong na tawa mula sa tiyan ni Santa Claus. Ang totoo, gusto niya ring luminya at umupo sa hita ni Santa Claus at makikiusap siya na regaluhan siya ng isang totoong gitara na ginagamit ng matatanda.

“Gusto mo ring mag-wish kay Santa, di ba?” sa gulat niya ay biglang bulong ng isang maliit na boses sa kanya. Nasa likuran lang pala niya ang hinahanap.

Hinawakan niya ang pupulsuhan ni Heidi. “Sabi ni Mama, doon daw tayo. Hahanapin na nila tayo, at kelangan ko pang bayaran ’to,” turo niya sa nakasabit na toy guitar sa balikat.

“You can sing in front of Santa. Santa will give you anything!” anitong nag-twinkle ang mga mata. Napabuga na lang ng hangin si Eustace at napakamot ng ulo nang hilahin na siya ng makulit na bata sa linya. Hindi naman nila kelangang maghintay nang matagal dahil ilang segundo lang ay nasa harap na nga sila ni

Santa Claus. Nang mapaupo na siya sa malaking hitang iyon habang nasa kabilang hita naman ang kaharap niyang si Heidi ay nalimutan na niyang kelangan nilang bumalik sa toy store.

Hinayaan ni Santa Claus na kamutin nila ang tiyan nito at namataan niya ang pagtapik ni Heidi sa balikat ng matabang lalaki. Sumenyas ito na may ibubulong. Dumuko si Santa Claus at matapos dinggin ang bulong ng bata ay napatawa at napatingin sa kanya.

“Can you sing your song for me?” Nakita niya ang pagngiti ni Santa Claus kahit punong-puno ng puting balbas ang mukha nito. Inglisero pala ito. Kimi man noong una, dahil na rin sa paghihintay ni Santa Claus at pangungulit ng bata ay kinaskas ni Eustace ang gitara at kinanta niya ang sariling bersyon niya ng *Santa Claus is Coming to Town*.

Mukhang nagustuhan ng mga bata ang pagkanta niya at pumalakpak ang mga nasa linya at ang iba ay tumalon-talon sa animo’y pag-jam. Nangingiti rin ang iilang matatanda na naroon nakabantay sa mga anak.

Doon unang kumintal sa brain cells ni Eustace na masaya palang pinaririnig mo sa maraming tao ang boses mo, nagiging masaya ka pag masaya sila.

Matapos nilang ibulong kay Santa Claus ang mga wishes nila at bigyan sila ng tig-isang candy roll ay napatakbo sila ni Heidi sa paglilibot sa buong mall. Kung saan-saang food stalls sila nakarating; ice cream, may cotton candy at popcorn... hindi naman nila hiningi pero nabigyan sila ng cotton candy ng magkasintahang mukhang natuwa yata na pagmasdan lang sila. Tuluyan silang natuwa sa pagtanaw sa merry-go-round habang nilalantakan ang mga cotton candy na hawak.

Nakalimutan nang tuluyan talaga ni Eustace na kelangan nilang bumalik sa toy store. Kuwento lang siya nang kuwento kay Heidi tungkol sa eskuwelahan niya, sa mga teacher at kalaro sa school, pati kung anu-anong mga gusto niyang toys. Tahimik lamang na nakikinig ang batang kasama niya, pero mukhang tuwang-tuwa naman.

Paubos na ang cotton candy nila nang biglang lumapit ang malaking lalaki na mataba at puno ng balbas ang mukha. Tinatanong siya nito kung kasama ba niya ang bata. Napatangodili si Eustace, hahablutin na sana ng lalaki ang kamay niya nang biglang hawakan rin niya ang kamay ng batang kasama niya. Napakaripas sila ng takbo habang hinahabol ng matabang lalaki...



Tinanaw nila mula sa mataas na grills ng second floor ng mall ang buong lawak at laki ng first floor. Mula sa posisyon nila ay tinutupi ni Eustace ang isang kapirasong pahina ng yellow paper na kinuha niya mula sa dalang knapsack. Lagi siyang may baong papel kung saan nagdo-drawing siya kapag tinamaan ng boredom habang may hinihintay sila ng mga magulang niya. Malayo na sila sa toy store nang matauhan siyang nawawala na sila. Nangamba rin siyang baka umiyak muli si Heidi.

“W-what’s that?” tanong ng batang babae.

“Tinuro ’to ni Mama sa ’kin. Gumawa kami ng eroplanong papel ni Mama noong nasa second floor kami at nasa garden si Papa. Ang sabi ni Mama, kung gusto mong sabihin ang gusto mong sabihin sa isang tao pero malayo siya, isulat o sabihin mo sa eroplano ang gusto mong sabihin.”

“Huh?” Napakunot-noo ito.

“Oo! Dadalhin ng eroplano ang messages natin at makikita nila para mahanap nila tayo!”

Yumuko si Eustace sa katatapos niyang ituping yellow paper at pinayuko rin niya ang kausap. “Mama, nandito lang kami sa second floor sa harap ng school supplies!” Inulit niya

iyon nang ikalawang beses at sumabay na si Heidi. Nakalimang ulit na sila nang itigil nila ang pagbulong sa papel. Napahinto si Eustace kaya maabot niya ang hangganan ng grills at buong puwersa niyang iniitsa ang eroplanong papel na dilaw. Pinanood nila ang paglalakbay ng eroplano patungo sa kung saan ang lokasyon ni Santa Claus. Lumapag iyon sa sahig at napulot ng isang dwarf assistant ng huli.

“Kita mo, kita mo?” Itinuro ni Eustace ang nangyari.

“Yes, yes!” tango ng bata. “Ibig sabihin makikita na nila tayo because Santa’s dwarf got it?”


“Oo naman!” sagot niya.

“Then we’ll leave each other. Your mama will find you and my mommy will find me.” May halong kalungkutan ang boses nito, it made his heart feel the same peculiar sadness. Naramdaman na rin niya ang ganoong klaseng kalungkutan nang mamatay si Chopin, ang aso niya.

“Kung gusto mo, mag-message ka na lang sa ’kin gamit ang airplane...”

Tumango ito. “I will give you a message. Promise...” naiiyak na usal ni Heidi.

“Magpapaturo ako kay Mommy kung paano



gumawa ng paperplanes...”

“Promise.” Itinaas ni Eustace ang daliri at nag-pinky promise sila.

3

Thirteen years old si Heidi noon nang tumigil siya sa pakikinig ng musika. Literally. Nasa States siya nang ma-involve sa vehicular accident. Lulan siya ng van na binangga ng kotse ng tatlong lasing na binatilyong pawang nasa high school. Dead on the spot ang malayong pinsan niyang si Enrique, isa siya sa mga nakaligtas na lulan sa van, but she was badly hit and the damage hit a spot in her brain which made her deaf.

She wasn't supposed to be in that van.

Pero nagpumilit siya sa mga magulang na payagan siyang sumama sa biyaheng iyon dahil gusto niyang bumisita sa bahay ng isang kamag-anak matapos sila nitong bisitahin sa mansion nila.

Siguro iyon lamang ang tanging dahilan kaya mapagdesisyunan ng mga magulang niya na iuwi na lang siya sa Pilipinas.

Pero kelangan niyang maging bingi muna... Kelangan munang ideklara ng mga doktor na dulot iyon ng aksidente at wala nang lunas,

that she was lucky she was still alive. It was between two choices: open up her brain to fix her damaged nerves and have large percent chances of dying, o ang patuloy siyang mabuhay na normal bilang bingi.

It was okay. Pinili lang nila ang mas maganda sa dalawang pangit na pagpipilian. It didn't help na unica hija siya ng isang pamilyang nagmamay-ari ng kilalang piano and musical instruments chain shop sa Pilipinas. It didn't help she loved playing piano herself. It didn't help that in her memory, she cherished a young boy's voice...



“Miss na maganda! Miss na maganda!” malakas na sigaw ni Eustace sa babaeng nasa labas ng classroom nila. Nakatalikod ang bulto nitong may suot ng uniporme na katulad nila, nakatali ang buhok nito at nakapatong ang mga braso sa blue railings, nakatanaw sa kung ano man ang meron sa ibaba. Recess time ng senior year at may laro silang Truth or Dare.

Ginigisa siya kanina pa ni Basti tungkol kay Lena. Imbes na patulan pa ang isang Truth question tungkol sa kasalukuyang dalagang natsitsismis at nali-link sa kanya, este, laging nakikitang nakaaligid sa kanya sa eskuwela ay

pinatulan na lamang niya ang isang ‘Dare’.

Napagdiskitahan ng barkada niya ang bultong nakatalikod na yata ng isang oras sa labas ng classroom nila. Hindi iyon gumagalaw at kelangan niyang tawagin at kunin ang atensyon nito sa pagsigaw ng ‘*Miss Maganda*’.

“Ang baduy naman!” komento ni Eustace. “Kakanta na lang ako, come on, Rook!” pandidilat niya sa isang kabarkada, ang drummer nila.

Pero nagsimula nang bumuo ng linya ang mga unggoy na kabarkada niya sa bintana, wala siyang nagawa kundi sumunod. May ilang metrong layo ang bulto ng babae mula sa bintana nila.

“Ano kaya’ng iniisip niyan? Kanina pa ’yan, ah!” ani Rook.

“Baka naman hinihintay ang boyfriend niya,” palusot ni Eustace para makailag sa Dare.

“Oh, come on, Eu!” tawa ni Basti, pianista ng senior band nila. “You can do better than that, baby boy! Kelangan mo lang sumigaw at pag lumingon na siya at makita natin kung maganda ba o hindi, eh, tapos ka na!”

“Baka kasi pagalitan si Eu ni Lena pag kumalat na may sinisigawan siya—”

“Miss Maganda! Miss Maganda!” Napalabas na siya ng classroom para matigil na ang

usapan. Nagtawanan ang barkada niya at lumisto naman ang ilang kababaihang kaklase nila na pinapanood lang ang session ng mga kabulastugan ng grupo nila.

“Eh, tingnan n’yo!” aniya at kamot ng ulo. “Ang lakas na ng sigaw ko, oh!”

“Baka akala, eh, hindi siya ang tinatawag, ano ba naman kayo. Siyempre, guys, dapat mas lapitan pa ni Eu, dapat ibulong niya sa likod ng tenga ng girl!” suhestyon ni Lee.

Nagsipulan ang mga kumag na nagbigay sa kanya ng Dare.

“Seriously?” Tumaas ang tono ni Eustace, hindi makapaniwala sa mga ngiting dumantay sa mga labi ng mga binatang nag-agree sa bright idea.

“Kung gusto mo ng matiwasay na pamumuhay, kung ayaw mo nang ma-link sa Lena na iyon at kung gusto mong magtagal ang relasyon n’yo ni Maxene ay oo, gawin mo ang gusto namin!”

“No way!” pagmamatigas niya, thinking it was all absurd. Hindi pa rin lumilingon o gumagalaw ang bulto, it felt like they were looking at a dummy or apparition. Baka multo ang nakikita ng mga mata nila? Yep, but Eustace was curious too. *Damn.*

“Okay,” aniyang napakamot sa batok. “If I

do this, you have to allow me to never join this game again.”

“Shoot!” sang-ayon ni Rook para lang mapuwersa siya.

Narinig ni Eustace ang pag-alma ng ilang kabarkada at bago pa man magbago ang isip ng mga ito ay napalakad na siya sa puwesto ng babaeng iyon. He craned his neck and gave an ‘okay’ sign to his friends. He leaned forward pero bago pa man niya mabilisang mabulong sa dalaga ang kabulastugan nila ay napatigil siya. The girl’s hair was knotted in a loose red ribbon.

A very faint memory started to rush in his mind, it was so faint...

“You better watch out, you better not cry... You better not pout I’m telling you why...” mahinang kanta niya, sounding like a complete fool. Why did he sing that childish jingle?!

Sa pagtataka niya ay hindi pa rin gumagalaw ang bulto. He leaned much closer, halos may ilang pulgada ang layo na lang ng labi niya sa likod ng tenga nito. “Miss Maganda, Miss Maganda...” he blurted. “Miss Maganda na bingi...”

Nailabas na niya ang huling kataga niya nang eksaktong lumingon ito. Bumungad ang isang mukha, narinig at nakita ang paglabas ng mga salita sa bibig niya. Nagbago ang ekspresyon

nito mula sa gulat sa biglang pagkasira ng mukha.

It was too late to even realize what happened nang nasapo niyang bigla ang pisngi niya. Napahiyaw siya sa sunod na ginawa ng babae.

“Shit! Ah!” Napauklo si Eustace sa lakas ng pagkakatapak sa isang sapatos niya and he wanted to grab the middle of his pants to give comfort sa porsyon ding iyon na ewan ba niya kung sinadyang masagi ng tuhod ng kaharap. Narinig niya ang mabilis na mga yabag palayo. Napalingon siya sa mga manonood sa bintana ng klase na mukhang nagulat rin katulad niya. Napatakbo na lang ang mga unggoy patungo sa kanya para i-rescue siya mula sa kagimbalgimbal na pagkapahiya.

“Nakita n’yo ’yun?” Gusto niyang maging kalmado pero manloloko yata ang boses niya. Gustong mangiti ng kanyang mga kabarkada, pero mukhang may LBM na pinipigilan lang ng mga ito ang paglabas ng ngipin.

“Ang bilis, Pare! Parang ’yung sa mga movies ni Jackie Chan!” komento ni Lee, hindi na napigilan ang ngisi.

“Hindi namin nakita ang mukha. Ano, maganda ba si Miss Kung Fu fighter?” usyoso ni Rook. Kasalukuyan na silang nasa canteen para sa lunch break.

Marahas na napabuga ng hangin si Eustace at hinimas ang kanyang pisngi. Ipinaslak ni Basti sa pisngi niya ang malamig na juice drink pack at napailag siya.

Napatawa lang ang mga unggoy.

“For the first time in my whole life, tingnan n’yo, nasampal ako. I’m a good guy, pero heto ako nasampal dahil sa dare...” iling niya at hindi malaman kung alin nga ba ang mas nakakahiya, ang nasampal siya dahil sa mga kabarkada o nasampal siya dahil sa babae.

That girl must think I’m nuts! Ini-scan niya sa memorya ang mukha ng dalagita, pero masyadong mabilis ang lahat. Ah, gusto pa naman niyang maalala talaga...

She looked nice pero mukhang hindi niya ito namumukhaan.

It was his first time seeing that kind of face, or maybe not?

“Ano? Sige na, oh! Clue na! Anong year nang masabitan namin ng medalya?” Nagtawanan ang tatlo.

Eustace sighed. *Sino nga pala talaga ’yun?*



“I will never go to your school again, Lena!” Napailing si Heidi at pinunasan niya ang namalisbis na luha sa mga pisngi habang

hinuhubad ang suot na uniporme na ipinahiram lang ng pinsan. Natapos na siyang magbihis nang umupo siyang muli sa gilid ng kama nito.

“Oh God... who was it?” Naaawang tinabihan lang siya ng pinakamatalik niyang kaedad at matatawag na rin niyang best friend. Pinayagan siya ng mommy niyang bumisita muna kina Lena. Kanina habang nasa kuwarto nga ng pinsan ay pumuslit sa kanya ang isang ideya. She was really curious how high school in the Philippines looked like, gusto man lang niya kahit minsan ay makapasok o makapagmasid. Tamang-tama, absent ngayon si Lena dahil sa flu nito kaya’t kinumisyon nila ang driver. Perpekto naman ang naging abrupt nilang secret mission, pinakiusapan pa nila ang kasama niyang yaya. Dalawang oras lang, dalawang oras na pagmamasid.

“They were right, hindi na ako ’yung dating si Heidi. Kulang na ako, bingi na ako... and I don’t know that jerk, masyadong mabilis, ewan...”

Bilang ganti ay tinapik lang siya ni Lena sa likod.

Nang marinig nito ang nangyari sa kanya ay gulat na gulat rin ito. They went to piano classes together when they were small. Alam na alam nito kung gaano kahalaga sa kanya ang

makarinig ng musika...

“Papa and Mom were right in their decision, they were just protecting me. I’m not the same, right? Normal lang na gustuhin nila for me to be home-schooled, or to attend this special school for the deaf. I’m learning lip reading for awhile, it’s helping me... I need to be strong, ang mamuhay nang normal, but I need to do it on my own, because I’m not like everyone else now...”

Humarap sa kanya si Lena. “I don’t know, Heidi.” Marahan lang ang buka ng mga labi nito at klarong sinasadya nitong i-emphasize iyon na nagpagaan sa loob niya. Lena really cared. “It’s hard but at least you could talk, you’re normal! At kung titingnan ka naman, talagang walang makikitang mali sa ’yo at maganda ka. Everything is normal, huwag kang mag-alala. It’s just that the whole music is shut off, pero nakikita mo pa rin lahat. You could fool them. You’re just like me, a normal teen.”

“No, I’m not,” iling niya at ngumiti nang matipid. “I’m not, Lena.” Medyo pumait ang boses ni Heidi nang maalala niya ang mukha ng lalaking iyon, the words on his lips... she could remember it all. “Thanks to that jerk, at least, I know na simula ngayon, kelangan ko nang tanggapin sa sarili ko kung sino ako.”

Napasinghot siya at napabuga ng hangin.

“Heidi...” Malungkot na ginagap ni Lena ang kamay niya.

In return, niyakap lang niya ang pinsan. Her hair smelled like jasmine. “Lena, you should start accepting me now too,” naka-paste pa rin ang ngiti niya sa labi, “that I can’t play the piano so perfectly with you anymore, ’tapos hindi mo na ako matatawagan, hindi mo na ako mabubulungan tungkol sa mga crushes mo. ’Tapos sa advantage naman, p’wede mo na akong pagsalitaan nang masama sa likod ko ngayon, I won’t be angry with you because I can’t hear it.”

Naramdaman niya ang paghigpit ng yapos nito.

She could tell that Lena was the one who’s crying now.



“Are you sure I can go inside?” tanong niya sa pinsan na inaayos ang suot niyang jacket.

“Of course!” basa niya sa salita nito. “It’s our high school music festival and everyone can come! And don’t you give me that shit na para saan pa’t hindi ka na nakakarinig. Yes, you should accept yourself, but that doesn’t stop you from acting like everybody else. This is like healing. Healing you, Heidi...”

“Cool,” tango lang niya. “Thanks. Pero sinabi ko nang hindi ako babalik dito sa school mo, p-paano kung makita ko ’yun?”

“Yun na nga!” sang-ayon ni Lena. “Ituro mo ’yung pagmumukha ng bastos na lalaking ’yun at ipapapatay ko sa mga kakilala ko.”

Napanganga si Heidi.

“Biro lang! I’ll just slap him, of course,” tawa nito, inabot sa kanya ang lightstick. “Huwag kang mag-alala, siyempre dim lights naman d’un sa auditorium ngayon ’tsaka hindi mo na makikilala mga tao d’un sa dami. ’Tsaka kahit sunod sa curfew time itong festival, minsan lang nagkakaganito sa eskuwelahan namin, so ano?”

“Iisipin ko na lang na ’yung kinakanta nila’y kinakanta ng paborito kong banda na pinapakinggan ko, ’tapos titili ako nang malakas!”

“Whoa!” Napaatras si Lena na mukhang nagulat sa lakas ng labas ng boses niya.

“Malakas ba?”

Tumango ito. Isa iyon sa kinokontrol pa niya, ang hindi pa niya matantiyang volume ng boses niya. When someone experiences sudden deafness after a period of normal hearing, isa iyon sa mga kinakaharap na isa lamang sa maliliit na problema.

“You will get by. For now, you can shout all

you want!”

Hinila na siya nito. Maybe it was a good idea, she could shout all she wanted, mailalabas na niya ang lahat ng sakit at frustrations sa murang puso niya, once and for all.



Nasa drums si Rook, si Lee sa ikalawang gitara at si Basti naman sa keyboards, nasa tapat ng microphone stand si Eu, inaayos ang strings ng gitara niya. Ilang segundo na lang ay tuluyan nang sisiklab ang ilaw sa stage, ang banda nila ang magpapasimula sa music festival ng eskuwela, and they were given time to perform five songs.

Eustace’s eyes scanned the venue in front of them, halos di na mahulugan ng karayom sa nagsusumiksik na mga bulto, the fangirl screams were already piercing his ears. Nanonood kaya ang nilalang na iyon? *Who was she?*

Napalingon siya sa mga miyembro ng banda niya. May isang buwan na lang at magsisimula na ang *National Music Fest Contest*. Dahil sila ang nanalo sa school competition na ginanap noong nakaraang linggo na dahilan kung bakit pangungunahan nila ang music festival ngayong gabi. Bukod doon ay nauwing pambato sila ngayong taon ng eskuwelahan nila ng nasabing

National Music Fest. Kelangan nilang mag-perform ng isang piece ng orihinal na kanta na sarili nilang komposisyon sa contest. At wala pa silang komposisyon na naipo-produce.

Dahil una sa lahat, ang tema ngayon ng nasabing pa-contest ay tungkol sa first love.

“Eu!” tawag sa kanya ng isang matinis na boses sa gitna niya. Napababa ang tingin niya kay Maxene, kasintahan niya... *Ugh.* He smiled, pero hindi iyong ngiti talaga. Why couldn't he write a song about first love?

He was a nice guy. Hindi naman siya nangongolekta ng kasintahan, pero hindi rin niya alam kung bakit naging kasintahan niya si Maxene. Ito ang pinakamaganda sa klase, nilock rin sila ng mga kaklase nang tatlong oras sa storage room ng mga walis. It felt like a pressure for a class love team, kaya nabuo ang relasyon nila.

FIRST LOVE. He strummed his guitar and started singing.